


Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

1

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 1
## Natutukoy ang mga salitang magkakatugma



Name of Learner: ______________________________

Grade & Section: ______________________________

Name of School: ______________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Nancy Joy E. Cagas
**Editor:** Jocelyn G. Lopez
**Tagasuri:** Rizalyn II P. Camado, Mary Ann O. Mandao,Jenni Lou S. Forro
**Tagakuha ng Larawan:**
**Tagalapat:** EPS Florencio R. Caballero, DTE
**Tagapamahala:** SDS Majarani M. Jacinto, EdD, CESO VI
ASDS Visminda Q. Valde, EdD
ASDS Raymond M. Salvador, EdD, CESE
CID CHIEF Juliet A. Magallanes, EdD
EPS Florencio R. Caballero, DTE
EPS Josephine L. Tomboc, EdD



# Alamin

Sa modyul na ito, malalaman mo ang pagtukoy sa mga salitang magkakatugma.

May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Natutukoy ang mga salitang magkakatugma. **( F1KP-IIIc-8)**



# Balikan

Pag-aralan ang mga larawan sa ibaba at sagutin ang mga katanungan nito.



*Kinuha mula sa* https://images.app.google

1. Ano-ano ang makikita sa larawan na nasa itaas?
Isulat ang iyong sagot. ________________________________________

2. Sariwa ba ang mga paninda sa palengke? __________________



# Tuklasin

A. May mga larawan sa ibaba. Pag-aralan mo ito at  Pumili ng dalawang bagay na magkatugma at ilarawan ang mga ito.  Isulat sa sagutang  papel ang tamang sagot.








B. Basahin ang kwento. Pansinin ang mga salitang  may salungguhit  at sagutin ang tanong sa ibaba.

**Maaga pa'y ginising na ako ni Nanay.**
**Pinalitan agad aking damit na pambahay.**
**Sumakay kami sa isang jeep na makulay.**
**Saan kaya ako dadalhin ni Nanay?**
**Isang malaking lugar aming narating**
**Nagsisigawang mga tao**
**Makukulay na mga lobo**
**Ano kaya ang lugar na ito?**
**Masarap na tinapay binili ni Nanay**
**Lahat ay inilagay sa bayong na makulay.**
**Ngunit may isang nakabalot**
**Kanino kaya ito iaabot?**

Ano- ano ang may salungguhit na salita na makikita sa kwento?

Bilugan ang tamang sagot. *(Sa loob ng kahon, bilugan ang salitang magkatugma na makikita sa kwento sa itaas.)*

| | | |
|---|---|---|
| Nanay | pambahay | tao |
| Lobo | nakabalot | iaabot |
| Makulay | ito | damit |



# Suriin

Ang mga salitang may magkakatulad na huling tunog ay tinatawag na **magkakatugmang salita** o **salitang magkakatugma.**

Narito ang mga halimbawa:










# Pagyamanin

Basahin at unawain ang kwento. Sagutin ang **Gawin A** pagkatapos mabasa ito.

***Ang Batang si Miguel***


*Isang umaga, nagising si Miguel na may tumutubong munggo sa kaniyang tainga.Tamad maligo si Miguel kaya kung ano-ano ang tumutubo sa kaniyang katawan. Kapag tinatawag siya sa kanyang nanay upang maligo magtago siya kahit saan upang hindi makaligo. Matapos ang kanilang agahan, hindi pa rin binunot ng Nanay ang halaman sa tainga ni Miguel.Naghugas ng pinagkainan at nagpunas pa ng kasangkapan ang nanay. Lumabas si Miguel upang maglaro subalit pinagtawanan na siya ng kaniyang mga kaibigan, kaya nag madali siyang umuwi at umiyak sa kaniyang nanay at pinagsabihan na dapat maligo araw-araw. Mula noon natutuhan din ni Miguel maligo matapos tumubo ang kung ano-ano sa kaniyang katawan.*

Kinuha mula sa: Bumasa at Sumulat Filipino 1

A. Basahin natin ang mga sumusunod na pangungusap mula sa kwento. Salungguhitan ang mga salitang may magkatulad na salita.

1. Nagtago si Miguel upang hindi makaligo.
2. Matapos ang Agahan, hindi pa rin binunot ng Nany ang halaman sa tainga ni Miguel.
3. Matapos maghugas ng pinagkainan, nagpunas naman ang Nanay ng Kasangkapan.
4. Kung ano-anong halaman ang tumubo sa kaniyang katawan.
5. Mula noon natutuhan din ni Miguel na maligo para magkaroon ng maraming kaibigan.

B. Sa loob ng kahon, hanapin at bilugan ang salitang magkatugma sa bawat bilang.

| | | |
|---|---|---|
| 1.  Bola |  Lobo |  pala |
| 2.  Braso |  Tabo |  baso |
| 3.  mama |  kama |  mata |
| 4.  kahon |  dahon |  aso |
| 5.  lapis |  ilaw |  ipis |

C. Pagtapatin ang mga salitang magkakatugma. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

| | |
|---|---|
| ___ 1. laso | A. labi |
| ___ 2. relo | B. gulay |
| ___ 3. pulubi | C. kalan |
| ___ 4. tinapay | D. walo |
| ___ 5. paaralan | E. baso |



# Isaisip

**Salitang magkakatugma** ang tawag sa mga salitang magkapareho ang tunog sa hulihan ng mga salita.



# Tayahin


A. Pagtambalin ng guhit ang bawat salitang magkatugma.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 1. |  | bata. | . kahon |  |
| 2. |  | dahon. | . lata |  |
| 3. |  | ilong. | .lampin |  |
| 4. |  | ngipin. | . baso |  |
| 5. |  | piso. | . sampayan |  |
| 6. |  | Kawayan. | . talong |  |




# Karagdagang Gawain

Lagyan ng tsek (√) sa loob ng kahon kung ang ibinigay na pares ng salita o larawan ay magkatugma o magkasingtunog at ekis (X) naman kung hindi.

☐ 1. pagong  gulong 

☐ 2. mais  walis 

☐ 3. mata  buto 

☐ 4. ilaw  araw 

☐ 5. sapatos  medyas 

# Susi sa Pagwawasto

**Karagdagang Gawain:**
1. /
2. /
3. X
4. /
5. X

**TAYAHIN:**
1. bata-lata
2. dahon-kahon
3. ilong-talong
4. ngipin- lampin
5. piso-baso
6. kawayan- sampayan

BALIKAN:
Tanggapin ang mga sagot ng mga bata

**PAGYAMANIN:**

**A.**
1. nagtago- makaligo
2. agahan- halaman
3. maghugas-nagpunas
4. halaman-katawan

**B.**
1. bola- pala
2. braso-baso
3. mama- kama
4. Kahon- dahoon
5. lapis- ipis

**C.**
1. e
2. d
3. a
4. b
5. c

**TUKLASIN:**

A.
1.bayong- payong (tanggapin ang sagot sa paglalarawan ng Bata)

B.
Nanay, makulay, tao, laabot, pambahay, Lobo, nakabalot

# Sanggunian


Department of Education. *Filipino teachers' guide.* Philippines: Department of Education, 2016.

Department of Education. *Most essential learning competencies*. Philippines: Department of Education, 2020.